ANO ANG LPG?

Ang Liquified Petroleum Gas o LPG ay pinaghalong 60% butane at 40% propane. I to ay nagmula sa distilasyon (distillation) ng krudo sa proseso ng pagpino (refining) kahalintulad ng iba pang likidong panggatong (liquid fuel) tulad ng gaas, gasolina at diesel.

PAANO MALALAMAN KUNG TAMA ANG LAMAN NG LPG (11 kg.)

Para makasiguro na tama ang timbang ng LPG na binibili ninyo, ipatimbang muna ang LPG sa binibilhang tindahan.

Para malaman ang neto na laman ng LPG, timbangin ang tangke na may laman at ibawas ang "tare weight" o timbang ng walang lamang tangke na nakasulat sa tangke. Kailangan 11 kilo ang neto na timbang nito.

DEPARTMENT OF ENERGY
Consumer Welfare and Promotion Office
Ground Floor, Annex Building
Energy Center, Fort Bonifacio,
Taguig, M.M.
Hotline: (02) 840 -2267
Trunkline : (02) 840-1401 to 21 loc. 329

You may also text in your suggestions, comments, queries and complaints.
Just type : DOE <space> <message>
and then send to 2920
(for Globe and Smart subscribers only)

Check our website at:
www.doe.gov.ph/neecp/

October 2004

DEPARTMENT OF ENERGY

Mga Pangkaligtasang Tips sa Paggamit ng LPG

“Rubber Hose”

I-check ang *"rubber hose"* nang madalas para malaman kung may sira ito. Palitan ang nasabing *"rubber hose"* isang beses sa loob ng dalawang taon o kung ito ay may lamat o sugat na.

Gumamit ng tubig na may kaunting sabon at ipahid sa *"rubber hose"* para ma-check kung may butas na ito. Buksan ang *regulator*. Kapag bumula, ito ay indikasyon na may butas (o leak) na ang *"rubber hose."*

LPG Cylinder (Tangke)

Bago gamitin ang tangke, i-check muna ito kung may singaw sa balbula o sa ibang parte sa pamamagitan ng pagpahid ng tubig na may sabon sa nasabing balbula.

Huwag ilagay ang tangke sa saradong lalagyan o kabinet at panatilihin ang kalan sa pantay na lugar na mas mataas sa tangke .

Panatilihing nasa patayong posisyon ang tangke at nakalagay sa pantay na lugar.

Iwasang ilagay ang tangke malapit sa mga bagay na madaling pagmulan ng init o apoy.

Pagluluto

Sindihan na ang posporo bago pihitin o buksan ang kalan.

Kung hindi ginagamit ang tangke, isara ang pihitan ng *“regulator”* o ang balbula ng tangke.

Mga dapat gawin kung may singaw ang tangke

Ang LPG ay sadyang nilagyan ng *“odorant”* na isang uri ng kemikal na may matapang na amoy upang madaling malaman kung ito ay sumisingaw. Kapag naamoy ito:

Buksan ang lahat ng pinto at bintana para lumabas ang naipon na LPG sa loob ng bahay.

Kung maaari, pihitin pasara ang *regulator”* kung ito ay nakabukas.

Kung ang singaw ay nagmumula sa balbula (valve) ng tangke, ilagay agad ang *“safety cap”.*

Kung maaari, dalhin sa labas ng bahay ang tangke at tumawag sa pinagbilhan ng LPG o sa kinauukulan.

Mga hindi dapat gawin kung may singaw ang tangke

Huwag buksan o patayin ang mga gamit na elektrikal sa loob ng bahay.

Huwag magsindi ng posporo, lighter o kalan at iba pang bagay na pinagmumulan ng apoy.